# TOTIPOTENCY at Isa Pang Tula

Joseph T. Salazar

## Totipotency

Paminsan-minsan, kahit sa ilang saglit
matapos ang pagdadalang-tao,
                                        maghihiwalay
ang mga salik na nagbibigkis sa mga cell na hinahati
ang isa't isa para likhain ang kawangis ng sarili
sa isang lupon, sa isang kabuuan.

Sa halip na magbuklod upang magsakatawan
sa isang ganap na nilalang,
kanilang kakathain ang parehong DNA
sa dalawang tao: magkakambal
ngunit magkaiba, katangi-tanging
pinagbiyak na bunga.

Itatalaga sa dalawang katawan
ang arko ng iisang mata,
ang ritmo ng pagtibok ng puso,
ang plano ng pagsanga ng bawat hibla
sa enerhiyang lililok sa isang kabuuang
kanyang-kanya datapuwat
may kamukha.

Kaya kasabay ng pagsinsin
sa micromundo ng pagsasakatawan
ang pagbaling ng pansin
sa kay lawak na katuturan ng kaligiran—
mula sa kung sino ang kambal na nakapusisyon
para akuin ang sustansyang dumadaloy

sa tubig ng sinapupunan hanggang
sa proseso nila ng pagbubukod
sa magkaibang kaganapan.

Bawat paliwanag
sa kanilang mga hilig,
sa kanilang mga iniibig,
sa kanilang mga sakit, trauma, hiya;
bawat naiibang pasya ay maglulugar sa kanila
sa isang kakatwang lunan at panahon
palayo sa partikularidad
ng predisposisyon.

Kabaligtaran ng pagkatha ng bayan
na isinasagisag ang kaisahan
sa matatalas na talinghagang
sumusugat sa diwa
habang pinag-iisa
ang mga taong hindi man lang
magkadugo.

Di na kakailanganin
ng kakaibang pagkakataon
para magbigkis sa isa't isa
ang dugo at iba pang likidong
nagsasabato sa mga katawan nating
paminsan-minsa'y nakatilad
para tumanggap ng iba.

At gaya ng sandaling
hiningahan tayo ng malay,
kuyom-kuyom natin ang sarili
habang nabibiyak ang katawan,
sumasambulat sa mga posibilidad
na bibigkisin ng ating mga katawan
at palalayain ng pagsambit
sa pinili nating pangalan.

# Terra Nulius

Sinuman
ang iyong diyos,
wala siyang ituturo
kundi ang manumbalik
sa dati.

Sa abo, gaya ng sabi-sabi—
ang pisika ng pagbuo
at paglansag sa alabok
o dagitab ng liwanag
na guguhit sa uniberso.

Ang lahat ay kawalan
at ang pagsasa-atomo natin
sa mga bagay na natitimbang
o di kaya'y nagkaka-kahulugan
ay walang kahahantungan.

Kung gayon,
ano itong ibinabalik
sa lupa?

Ano itong katawan?
Ano itong pinaglalagakan
ng dugo, laman, buto
at hininga?

Ano itong nagpapayakap
at nagsusumamo—itong danas at
damdam?

Ano itong tumatanaw pabalik
sa uniberso, nananalamin
sa mangha at natututong magtaka?

Ano itong gigil sa laman
na maghanap ng walang hanggan
sa paghasik ng sarili sa iba
at labanan ang bawat naghihingalong
hininga?

Ang alaala'y napupulbos din,
nagiging abo.

Naglalaho bago magka-anyo.
Nagiging bato.

Naisasama sa isang pumpong
ng magkakatulad na bagay
at sa piling nila, naglalaho.

Kapag nahipo ng tubig
kikintal sa arawan,
aanurin sa ilalim ng dagat,
o aalpas sa buhangin bago
lamunin ng lupa.
Pupulutin, ihahagis kung saan-saan:
sa daan, sa gilid ng plorera,
sa repleksyon ng buwan
sa isang batya.

Ang alaala'y nagiging bato
at ang bato'y hindi naaalala,
kahit pa yaong mga inipon
sa ating kabataan tuwing
magbabakasyon, naka-garapon.

Pinapanawan ng kulay,
rumurupok, nadudurog,
nagiging abo,
manunumbalik kung saan
kailangang manumbalik.
Nagkakahalaga lamang
sa taong nakaaalala.

Kay daming bato
na binabato sa santinakpan:
ang ginto at salapi,
ang pagkakataon, ang pag-ibig,
ang paulit-ulit na paghalal
sa mga mandarambong,
pati ang mga buhay
nitong mga batang
pinagbabaril na nga'y
babalutan pa ng packing tape ang ulo
para lang masabing may ginagawa
ang gobyerno.

Sa lalim at lawak ng uniberso,
aakalain mong may malasakit
na makukuha sa kay laking bato
kung saan inilagak ang tao.

Tila nakatanghod lamang
ang mga diyos,
di alintana ang alabok
ng mga warak na alaalang nagkanlong
sa kay liliit nating mga katawan.